

Fukushima NOW

Vo. 5 (Lathala para sa buwan ng Nobyembre taong 2017)

Ang Prepektura ng Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now" sa pamamagitan ng pag record ng mga tinig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon matapos maganap ang sakuna, kahit na sa pamamagitan ng palitang pang-internasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon.


※Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.



Voices from Fukushima

I Nag pla-planong makapag trabaho sa Japanese Research Institute sa hinaharap

Phan Van Thanh (galing Vietnam at kasalukuyang naninirahan sa Aizuwakamatsu)



Ako ay nag reresearch sa optical communication sa Aizu postgraduate course. Ako ay undergraduate sa college ng sumali sa exchange student at pumunta dito sa Hapon. 2 years undergraduate, 2 years postgraduate, at 2 years doctors course, kaya halos mag aanim na taon na ako dito magbuhat ng dumating.

Nang nasa Vietnam pa ako ay nag umpisa na akong mag-aral ng wikang

Hapon, Noong taon ng 2011 buwan ng Septyembre ay may dumating na impormasyon sa Unibersidad na 「Sa susunod na taon buwan ng Abril ay puwede ka ng mag transfer sa Aizu University」 at ako ay pumunta sa Fukushima.

Bago ko tanggapin ang alok tungkol sa exchange program ay tinawagan ko ang isang Vietnamese Professor na nagtrabaho sa University ng Aizu at tinanong kung ano ang magiging epekto ng radiation sa aksidenteng naganap sa planta ng nukleyar, nag -ipon ako ng mga impormasyon galing sa kanya. Nang mga panahong iyon ay halos araw-araw na palabas sa telebisyon ang tungkol sa naganap na sakuna sa Fukushima. Ang nag-aalala kung mga magulang ay hindi sumangayon sa exchange program dahil nga sa naganap na sakuna ngunit dahil sa tulong ng Vietnamese Professor ay sumangayon din sila na sumali ako sa nasabing programa. Araw-araw simula umaga hanggang alas diyos ng gabi ako ay nag eeksperimento. Isang beses sa isang linggo ay tumutulong akong mag turo bilang assistant teacher. Tuwing Sabado at Linggo ay kasama ko ang katulad kong mga exchange student at masaya kaming nag lalaro ng soccer at volleyball. Para sa hinaharap ay gusto kong kumuha ang Japanese Language Proficiency Examination grade 1 at makapag trabaho sa Research Institute. Hanggang ngayon ay pumumunta pa rin ako sa Japanese Class ng Aizuwakamatsu International Association para mag-aral ng wikang Hapon. Ang Aizu ay may likas na kagandan na wala sa Vietnam tulad ng Cherry, Autumnal Tints of Leaves at Snow na habang ako ay naninirahan dito nagnanais na maipakita sa aking mga magulang ang likas na kagandahan ng Aizu. At gusto kung ipaabot sa lahat na 「Sa Fukushima ako at ang ibapa ay masigla at normal namumuhay」

Ang malasap ang natural nakagandahan ng Fukushima sa pag-akyat ng bundok

Jennifer Bishop (naninirahan sa lunsod ng Date, galing Amerika)

Nagumpisang maninahan sa lunsod ng Date simula noong buwan ng Febrero taong 2017 bilang

Coordinator for International Relations. Noong nakaraang apat na taon ako ay nag umpisang magtrabaho sa bansang Hapon bilang isang Assistant Language Teacher. Noong High School Student ako ay nagkaroon ako ng malaking interes sa wikang Hapon kung papaano ito bigkasin at ang tunog habang ginagamit sa pananalita kaya naenganya akong pag aralan ang wikang Hapon. Halos 90 porsyento ng aking mga kaklase ay mga dayuhan kaya naisipan ko ring mas magandang manirahan sa ibang bansa. Ang nangyari tungkol sa planta ng nukleyar ay nalaman ko sa mga balita kaya iniksamin ko at inalam ang sukat kung saang lugar ang mababa at ligtas at napag alaman kong ang lunsod ng Date ay mababa kaya nagpasya akong sa lunsod ng Date magtrabaho at maniraha. Ang mga bundok ng Fukushima ay lahat magaganda. Mahilig akong umakyat ng bundok at sa trabaho ay nag guide din ako sap ag akyat sa bundok ng Reizan. Kung susuma totalin ay aabot nasa 30 bundok ang na aking naakyat. Ang pinaka gusto kong bundok ay Reizan at Megamiyama. Sa susunod na taon ay binabalak kong akyatin ang bundok ng lidatesan.

Sa ngayon ay ang panunuod ng drama t pagbasa ng nga libro ang nakakatulong sa akin para mag -aral ng wikang Hapon. Lalo na ang dramang 「Shinya Shokudo」 guston gusto ko ang dramang ito at palagi koi tong pinanonod. Tungkol naman sa trabaho mahilig akong makisalamuha sa iba't ibang tao kaya masaya akong nakakapag trabaho. Sa pumapasok na mga



bata sa nursery at kinder garden ay kinakanta naming ang 「twinkle twinkle little star」 at tinuturuan ko silang magsalita ng wikang Ingles. Para sa akin hanggang maaga ay makakaganda na makaranas ang mga bata na makapag aral ng ibang wika. Ang makita ang mga ngiti ng mga estudyante sa nursery at kinder garden ay isa sa mga nagpapasigla sa akin.

▲ Larawan ng mga sumali sa pagakyat ng bundok ng Reisan

Scenes of Fukushima

Ang • Feista sa lizaka

Noong buwan ng Oktubre ika-pito (7), ang mga dayuhan ay nag buhat ng mikoshi, sponsored ng lizaka rotary club 「Ang ika-dalampu' t pitong (27th) beses Ang • Feista sa lizaka 」 na isinabay sa ginaganap na lizaka Kenka Festival. Kahit na umaambon ay marami pa ring ALT at international students na umabot sa 90 katao ang nagsidalo. Nang matapos nakatanggap ang mga sumali ng bindisyon para sa paglilinis sa Hachiman Shrine, ay binuhat ang mikoshi at inilibot sa bayan ng lizaka. Matapos ng pag bubuhat ng mikoshi ay naligo ang mga partisipante sa Yoshikawayaya isa sa mga hot spring sa Inabara Hot Spring. Ang naging impresyon ang mga sumali ay ang sumusunod 「napakagandang iksperyensya ang makaranas ng tradisyonal na kultura ng bansang Hapon」 「ang mikoshi pala ay mabigat」



▲ Ang mga sumali sa pag bubuhat ng mikoshi.

Ang 「England Garden 」 sa lunsod ng Motomiya ay nag open

Ang park kung saan ang Prince William ng Britanya ay bumisita na pinangalanang 「England Garden」 ay nag open na may kahilingang makabangon ang Fukushima. Noong Nobyembre 4 (Sabado) ay ginanap ang opening ceremony kung saan si Madden Ambassador at Lady Borwick Former British Member of Parliament at marami pang ibang mga opisyal ng Japanese • British ang dumalo upang mamalasan pag-uumpisa ng magiging tulay ng pag-kakaibigan ng dalawang



▲ Opening Celebration tape cut ng bisita ng dalawang bansa Hapon at Britanya

bansa. Nabalot ng pag papala ang seremonya ng maka tanggap ng mensahe buhat sa kay Prince Charles at Prince William.

Ang Junior High School Student ng Malaysia ay pumunta sa Nakajima Village

Noong Oktubre 19 hanggang limang araw, ang dalawang Junior High School students kasama ang Principal at ang Japanese Language teacher ng Malaysia Saba State • Inanamu Secondary School ay bumisita sa Nakajima Village. Sa pamamagitan ng pag susuot ng Kimono, pag pinta ng daruma, pag pitas ng mansanas, at pag homestay ay pinag yaman ang pakikipag cultural exchange ng mga mamamayan ng Nakajima. Sa school activity ng Nakajima Junior High School

「Kikyofestival」 ay ginanap ang welcome ceremony, nag palabas ng slide show ng Malaysia field trip ng mga estudyante at ang masayang panunuod ng pag papalabas ng Koto



▲ Ang mga estudyante ng Inanamu Secondary School at mga estudyante ng Nakajima Junior High School

Impormasyon para sa pag susumikap makabangon buhat sa “Fukushima Restoration Station” iba’t ibang wika

Sa Fukushima Prefectures official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site “Fukushima Restoration Station” ay naglunsad ang pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 9 na wika (Hapon, Ingles, Mandarin, Koreyano, German, French, Italiano, Espanyol, at Portuguese).

Fukushima Restoration Station <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/>



Impormasyon buhat sa FIA

● Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

- Ang linguaheng English, Intsik, Hapones ay mula Martes hanggang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon
- Sa linguaheng Koreano, Tagalog at Portuges naman ay tuwing Huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.
- ※ Tuwing ika-apat at ika- limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng reserbasyon.

Telepono: 024-524-1316 (pribado)

E-mail : ask@worldvillage.org (pribado)

Publisher

Fukushima International Association

Address : 〒960-8103

Funabacho 2-1, Fukushima City,
Fukushima Prefecture

TEL : 024-524-1315 FAX : 024-521-8308

E-mail : info@worldvillage.org

URL : <http://www.worldvillage.org>

Kasalukuyan ang pag lalagay ng impormasyon sa SNS sites ay ginagawa kaagad pag nalaman namin ito

Facebook : <https://www.facebook.com/fiainfo>

Twitter : https://twitter.com/fia_info